

Patient Nondiscrimination in Health Care Services Affordable Care Act Section 1557

Ang Diskriminasyon ay Labag sa Batas

Sumusunod ang AdventHealth sa mga naaangkop na Pederal na batas sa mga karapatang sibil at hindi ito nandiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian (naaayon sa saklaw ng diskriminasyon sa kasarian na inilarawan sa 45 CFR § 92.101(a)(2)). Ang AdventHealth ay hindi nagbubukod ng mga tao o tinatrato sila nang hindi gaanong mabuti dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian.

AdventHealth:

- Nagbibigay sa mga taong may kapansanan ng makatuwirang mga pagbabago at libreng naaangkop na pansamantalang tulong at serbisyo upang mabisang makipag-ugnayan sa amin, tulad ng:
 - o Mga kwalipikadong interpreter ng wikang pasenyas
 - o Nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malaking titik, audio, mga naa-access na elektronikong format, iba pang format).
- Nagbibigay ng libreng tulong sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, na maaaring kabilangan ng:
 - o Mga kwalipikadong interpreter
 - o Impormasyong nakasulat sa iba pang wika.

Kung kailangan mo ng makatuwirang mga pagbabago, naaangkop na pansamantalang tulong at serbisyo, o serbisyong tulong sa wika, makipag-ugnayan sa Section 1557 Coordinator.

Kung naniniwala kang nabigo ang AdventHealth na ibigay ang mga serbisyong ito o nandiskrimina ito sa ibang paraan batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian, maaari kang maghain ng reklamo sa: Section 1557 Coordinator, 1-800-611-4208 (TTY: 711), PatientNondiscrimination@AdventHealth.com. Maaari kang maghain ng reklamo nang personal o sa pamamagitan ng koreo, fax, o email. Kung kailangan mo ng tulong sa paghahain ng reklamo, handang tumulong sa iyo ang Section 1557 Coordinator.

Maaari ka ring maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil sa U.S. Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights, sa elektronikong paraan sa pamamagitan ng Office for Civil Rights Complaint Portal, na nasa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>, o sa pamamagitan ng koreo o telepono sa:

U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201
1-800-368-1019, 800-537-7697 (TDD)

Makakakuha ng mga form para sa reklamo sa <http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.

Ang abiso na ito ay nasa website ng AdventHealth's: <https://www.adventhealth.com/legal/patient-nondiscrimination>.

